## *Ang Regalo*

Madilim, magulo at malungkot ang mundo
Noong kapanahunan ng ating mga ninuno
Sa araw-araw na gawain ay walang tiyak na tuntunin
Katiwasayan ng hinaharap ay tiyak na alanganin.

Nilalaman ng Banal na Kasulatan
Na ang mga tao'y tutubusin sa kasalanan
Ng Anak ng Diyos na busilak sa kabutihan
Sa puso ng mga nilikha'y umusbong ang kaligayahan.

Hindi na mabilang ang taong lumipas
Ang mga pinangakuan ay parang dahong nalalagas
Ngunit sa puso ng mga isinilang na mga bata
Ang pangako'y patuloy na umiinog at nagbigay-sigla.

Minsan isang anghel ang buong kabanalang sumayad sa lupa
Ang kanyang balita'y nagsabog ng di-mawaring tuwa
Si Hesus ay isinilang ng abang Maria Santisima
Ang Manunubos ay sa sangkatauhan regalong napakahalaga.

Sinulat ni ESPER EAMIGUEL, BSHE IV

## *Ang Tatlong Hari*

Natatanging liwanag sa langit ay nagtanglaw
Kumikinang sa ganda,y nasaklaw
Sa kadiliman ng gabi'y ningning ay nakasisilaw
Yaon ang kumita na sa tatlong hari'y nagbigay-ilaw.

Sa Herusalem ang tatlong hari'y humantong
Kinaluklukan ng Manunubos ay ipinagtanong
Pagsilang Niya'y waring isang di-pangkaraniwang bugtong.
Upang sa Kanya mga pagsasamba'y ipuputong.

Tatlong nilikhang walang pangambang nag-unahan
Tanglaw ay Kumitang nulas pasa Silangan
Sa Kanyang ganda'y nasinag ang tiyak na Patutunguhan
Sa paanan ni Hesus na Manunubos ng sangkatauhan.

ni TERESITA REYES, BSHE-IV

## *Pasko Sa Nayon*

Araw ng Pasko ay pawang kaligayahan
Lahat ng taga-nayon ay nagkakaguluhan,
Batang nagsisigawan sa gitna ng lansangan
Sa bawat sandali ay walang katahimikan.

Bago bumanaag ang sikat ng araw
Maririnig mo ang tugtog ng batingaw
Tugtog ng komparsang sa nayo'y naglibot
Nagpapahiwatig ng walang pagkatakot.

Bagama't isang Pasko sa nayon lamang
Lahat ng naroo'y naliligayahan
Marami ang naghihintay upang ipagdiwang
Ang Paskong siyang laging kinagigiliwan.

Ang buong nayo'y parang dinadamitan
Ng iba't ibang kulay na kasuotan
Mga mayayama'y nakipaghigitan
Sa kani-kanilang bagong kagamitan.

Tawana't palakpakan naghari sa sayawan
Sinasaliwan ng bandang kinagigiliwan
Ang mga binata ay nag-uunahan
Sa pakikipagsayaw sa kadalagahan.

Pasko sa nayong ipinagdiriwang taon-taon
Larua't aliwan nagkalat sa lansangan
Awita't putukan kawayang-kanyon
Na siyang bahagi ng Pasko sa nayon.

ni SOCORRO MATOZA, BSE IV

## *Ang Aking Handog*

Sa iyong kaarawan handog Ko'y tanggapin.
Malinis kong puso't wagas na damdamin
Sa iyong kaarawan ang tangi kong handog
Puso kong dakila't tapat sa pagmamahal,

O Panginoon, nais kong ligayahin ka sa Paskong ito!
Upang makamtan ko ang tunay na diwa ng Pasko
Sa pamamagitan ng paglilinis ... ng puso kong
uhaw sa iyong pag-ibig!

ni VENUS P. MARTELINO, BSE-IV

## *Ang Mithi Ko'y Ikaw*

Irog, saan ka man ngayo'y ibig kong mabatid mo
Na puso kong nagdurusa ay nangungulila sa iyo
Sa akin mang pag-iisa ay kaulayaw ko ang malikot kong guni-guni
Larawan mo hirang ay kusang nakaukit at sa isipan ko'y laging nagwawagi.

Oo, nagkasala man ako'y may kahulugan, ngunit di mo naunawaan
Magtapat man ako'y puso mo'y nalason na ng katagalan ng panahon
Pagkat di araw lamang ang lumipas kundi mga taon
At sa pagbalik ko'y ibig kong magpaliwanag, ngunit pinagkaitan mo ng pagkakataon.

Mula noon ako'y sa iyo'y nagdamdam
Ang kabuuan ng iyong larawan ay pilit kong iniwaglit sa aking isipan
Ibig kong takpan ang aking pandinig upang di ko na marinig ang iyong tinig
Ngunit sayang lamang ang lahat, pagkat ikaw lamang ang aking iniibig.

Ang mga sandali na namagitan ngayon at kahapon ay na-pakatagal
Patuloy ang pagpapalit ang araw, linggo, buwan, at taon
Minsang sisikat ang araw'y minsan ring namang lulubog
Na siyang naging palatandaan: isang araw na naman ang nakaraan.

Ngunit ang sugat ng aking puso'y di maoaghilom
Pagkat ako'y karaniwang nilikha lamang upang di ko maramdaman ang
hapdi ng pangungulila
Puso ko'y walang patlang sa pagnanasang ikaw'y uling makaulayaw
Maging sa pangarap man o panaginip lamang

Di ko malirip, kung ang katayuan ko'y pangarap lamang
O kaya'y ako'y napasailalim ng iyong kapangyarihan
Ang tanging naunawaan ko'y mahal kita.........
Malayo man ang kinaroroonan mo'y hahanapin kita sinta,
pagkat mithi ng puso ko hirang ay ikaw......
ikaw lamang ............

ni V. A. FLORDELIS, BSEED-III

## SUMUKO RIN

(*Buhat sa pahina* 25)

kanya at narinig niya ang mga sabi-sabi ng ilan, "Sumuko rin sa wakas."

Gamundo ang pagkahiya ni Nena sa kanyang ginawa at lalong napatibay ang sariling magbago. Kumaba ang kanyang dibdib. Nangangamba siyang magkatotoo ang kanyang hinala. Nang imulat niya ang kanyang luhaang mga mata'y nandoon na pala siya sa harap ng kanilang tahanan.

Talaga yatang minamalas si Nena, para bagang inaapi't pinaglalaruan siya ng tadhana dahil sa kanyang ginawa, sapagkat nang pag-akyat niya ng hagdanan ay nagmamadaling bumaba si Fidel kaya sila'y nagkabangga at sabay ang lagpak sa lupa.

Namangha si Fidel nang makita ang asawa, mayamaya'y masuyong inakay ang asawa sa itaas. Nagkatama ang kanilang paningin at nagngitian na may halong hiya.

At muli na namang narinig ng mga kapitbahay ang kanilang halakhakan na siyang tanda ng kanilang uling pagkakaunawaan.